

Mga Estratehiyang Pinakaginagamit sa Pagsulat sa Filipino ng mga Mag-aaral ng Batsilyer ng Sekundaryang Edukasyon sa Pampamahalaang Pamantasan ng Kanlurang Mindanao

Lani H. Asmad¹, Qaileena D. Maung², Sitti Aisha G. Toto³,

Analyn D. Saavedra⁴, Jane Nurzaima O. Villacin⁵

^{1,2}(College of Teacher Education, Western Mindanao State University, Philippines) ³(Master of Arts in Education Major in Language Teaching (Filipino), Western Mindanao State University, Philippines) ⁴(Doctor of Philosophy in Language Teaching, Western Mindanao State University, Philippines) ⁵(Faculty, Filipino Department, Western Mindanao State University, Philippines)

ABSTRACT : Writing in Filipino is a thorough process. It is not only focused on the act of writing because writers are also involved in thinking, discussing, reading, planning, writing, editing, and rewriting the written work. Hence, this study focuses on the strategies most commonly used by students when writing in Filipino. It aims to find out the most commonly used general strategies in writing and the strategies they use the most before, during, and after writing. This study had forty respondents and used a survey questionnaire, specifically the ESLP 182 Questionnaire, to collect data. It was discovered in this study that the most commonly used general strategy in writing is "often writing in Filipino". It was revealed that the general strategy is sometimes used in writing in Filipino. The study also yielded the result that students mostly used brainstorming and writing down ideas before writing, trying to write in a comfortable, quiet place where they could concentrate during writing, and asking for explanations regarding feedback after writing. In general, it was discovered that the strategies used before, during, and after writing are often used by the students. Based on the results, the researchers gave a conclusion and made recommendations to further develop the study.

Keywords: ESLP 182 Questionnaires, Filipino, Strategies, Writing

ABSTRAK: Ang pagsusulat sa Filipino ay isang masusing gawain na dumadaan sa isang proseso. Ito ay hindi lamang nakatuon sa akto ng pagsulat. Kasangkot din ang mga manunulat sa pag-iisip, pagtatalakay, pagbabasa, pagpapalano, pagsusulat, pag-eedit at pagsulat muli ng nabuong sulatin. Kaya naman ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa mga estratehiyang ginagamit ng mga mag-aaral sa pagsulat sa Filipino. Layunin nitong malaman kung ano ang pinakaginagamit na pangkalahatang estratehiya sa pagsulat ng mga mag-aaral at kung ano-ano ang pinakaginagamit nilang estratehiya bago, habang, at pagkatapos magsulat. Layunin din ng pag-aaral na ito na malaman kung may makabuluhang pagkakaiba ba sa estratehiyang ginagamit kung ang datos ay papangkatin ayon sa kasarian at unang wika ng mga taga-tugon. Nagkaroon ng apatnapung taga-tugon ang pag-aaral na ito at gumamit ng sarbey kwestyoner na ESLP 182 Questionnaire sa paglikom ng datos. Natuklasan sa pag-aaral na ito na minsan ginagamit ang pangkalahatang estratehiya sa pagsulat sa Filipino. Para naman sa estratehiyang ginagamit bago, habang, at pagkatapos magsulat, natuklasan na madalas itong ginagamit ng mga mag-aaral. Natuklasan din na walang makabuluhang pagkakaiba sa mga estratehiyang ginagamit kung ang datos ay papangkatin ayon sa kasarian at unang wika. Batay sa naging resulta ay nagbigay ng kongklusyon ang mga mananaliksik at rekomendasyon upang mas mapaunlad pa ang nasabing pag-aaral.

Mga susing salita: Estratehiya, Filipino, Kasarian, Pagsulat, Unang Wika

I. PANIMULA

Ang asignaturang Filipino ay isa sa napakaraming asignaturang itinuturo sa paaralan. Pinag-aaralan ito sa elementarya, sekundarya, at maging sa kolehiyo. Ito ay matagal nang nakapaloob sa kurikulum ng edukasyon sa bansang Pilipinas. Sa katunayan, may iba't ibang basehan ang pagtuturo nito at isa na riyang ang *Department Order no. 52, s. 1987* o ang Patakaran sa Bilinggwal na Edukasyon. Sa ilalim nito, ang Filipino at Ingles ay dapat ituro bilang mga asignaturang wika sa lahat ng antas upang makamit ang mga layunin ng kakayahang bilinggwal. Ang Filipino bilang asignatura ay pagpapalalim ng ating wika at kultura. Hindi lang ito basta-basta nakapokus sa pagtalakay ng mga teorya, balarila o kaya'y mga panitikan sapagkat ito ang nagiging daan ng mga

estudyante sa pagpapalawak ng kanilang intelektwalisasyon. Ang asignaturang Filipino ay lubhang napakahalaga dahil ito ang magsisilbing midyum ng mga estudyante upang matutuhan ang wikang Filipino na siyang ginagamit na wikang panturo ng mga guro (Jannette, 2021). Isa sa mga kasanayang pinaunlad ng asignaturang Filipino ay ang pagsulat at ang mga estratehiya nito.

Ang pagsulat ang maituturing na komplikadong makrong kasanayan na pinaunlad ng isang mag-aaral, ito rin ang pinakahuling sinasanay nila. Nakapaloob dito ang lahat ng natutuhang kaalaman tungkol sa nilalaman at teknikal na aspekto ng pagsusulat (Mangahis, 2019). Ayon sa Wordpress (2012), sa pamamagitan ng mga nakasulat na tala ay ating nalalaman at nauunawaan ang kasaysayan ng ating lahi; ang mga paniniwala at kaisipan ng ating mga ninuno; at ang mga pagbabago at pag-usbong ng ating bansa. Katulad ng ibang inobasyon, maganda rin ang dulot ng pagpapaunlad ng kakayahan sa pagsulat; nakagagawa ito ng mas pormal at permanenteng tala, hindi pabago-bago, at mas pinag-iisipan. Hinuhubog din nito ang kamalayan ng manunulat habang nagsusulat ito. Nabanggit sa The Silent Learner Blog (2017), na ang pagsulat bilang isang proseso ay hindi lamang nakatuon sa aktwal na pagsulat. Kasama rin sa pagsusulat ang pag-iisip, pagtatalakay, pagbabasa, pagpapalano, pagsusulat, pag-eedit at pagsulat muli ng nabuong sulatin. Ang pagsulat ay isang prosesong paulit-ulit hanggang sa mabuo ang sulatin. Ayon rin kina Saavedra et al. (2020) na ang proseso ng pagsulat ay karaniwang nagsasangkot ng ilang mga hakbang. Karaniwan, ito ay binubuo ng tatlong hakbang: bago magsulat, habang nagsusulat, at pagsusulat muli. Ang iba pang mga hakbang, gayunpaman, ay may apat na hakbang, tulad ng pag-iisip, pagpapalano, pagsulat, at pag-edit. Gumagamit ang ilang manunulat ng limang hakbang: bago magsulat, paggawa ng burador, pagrebisa, pag-edit at pagbibigay ebalwasyon. Ito ay upang sabihin na ang bawat manunulat ay may sariling istilo ng pagsulat depende sa antas ng kanilang mga mambabasa at layunin ng pagsulat. Isang hamon sa mga mag-aaral ang mga gawaing pasulat. Patunay ang mga mag-aaral ng Batsilyer ng Sekundaryang Edukasyon sa hamong ito ng pagsusulat sa asignaturang Filipino. Ang mga mag-aaral ng Batsilyer ng Sekundaryang Edukasyon ay sumasailalim sa apat nataong programang idinisenyo upang mabigyan sila ng kinakailangang kaalaman, pagpapahalaga at kasanayan upang maging mahusay na mga guro sa *Junior High School* at *Senior High School*. Nakatuon ang programang ito sa isang malalim na pag-aaral ng wika at panitikang Filipino.

Hindi maipagkakaila na ang pagsusulat ay bahagi na ng buhay ng mag-aaral lalo na ang mga magiging guro sa hinaharap. Bagaman isang malaking hamon ang pagsusulat, nakatutulong naman ang mga proseso at estratehiya nito upang maging epektibo ang pagsusulat ng mga mag-aaral sa Filipino. Nabanggit sa pag-aaral nina Raooft et al. (2017) na ang pagpapaunlad ng pagsulat ay kailangan para sa mga mag-aaral sa unibersidad dahil isa ito sa napakahalagang kasanayan para sa kanilang pag-aaral. Tinutulungan nito ang mga mag-aaral na maisakatuparan ang mga takdang-aralin, pahasayin ang kanilang mga kakayahan sa kritikal na pag-iisip at paunlarin ang kanilang pagganap (Graham et al., 2007). Sa katunayan, natuklasan sa pag-aaral na isinagawa nina Raooft et al. (2017) na ang mga estudyante sa pamantasan ng Malaysia ay gumagamit ng mga estratehiya sa pagsusulat sa medyo mataas na antas. Bagaman nabanggit na sa pag-aaral nina Raooft et al. na mataas ang antas ng paggamit ng estratehiya ng mga mag-aaral sa isang unibersidad, hindi nabanggit sa pag-aaral kung gayon din ang antas sa ibang paaralan at mga estudyante.

Kaya naman ang mga mananaliksik sa kasalukuyan ay nahikayat na magsagawa ng pag-aaral upang matukoy ang mga pinakaginagamit na estratehiya sa pagsulat sa Filipino ng mga mag-aaral na kumukuha ng kursong Batsilyer ng Sekundaryang Edukasyon sa Pampamahalaang Pamantasan ng Kanlurang Mindanao.

II. PAGLALAHAD NG LAYUNIN

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matugunan ang mga sumusunod na tanong:

1. Sa pangkalahatang estratehiya sa pagsulat sa Filipino, ano ang pinakaginagamit ng mga mag-aaral ng Batsilyer ng Sekundaryang Edukasyon?
2. Ano-ano ang pinakaginagamit na estratehiya ng mga mag-aaral;
 - 2.1 Bago Magsulat
 - 2.2 Habang Nagsusulat
 - 2.3 Pagkatapos Magsulat
3. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba ang mga estratehiya kung ang datos ay papangkatin batay sa kasarian?
4. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa mga estratehiya kung ang datos ay papangkatin batay sa unang wika?

III. KAUGNAY NA LITERATURA AT MGA PAG-AARAL

1. Asignaturang Filipino

Ang asignaturang Filipino ay matagal nang nakapaloob sa kurikulum sa akademiya at matagal na ring pinag-aaralan ng mga mag-aaral sa buong bansa. Sa katunayan, isa ito sa limang major subjects sa lahat ng paaralan, kasama ang English, Mathematics, Science, at ArPan. Pinag-aaralan ito mula primarya, elementarya,

sekundarya, at maging sa kolehiyo. Bilang isang asignatura, salamin ito ng kung sino tayo at kung ano tayo. Ang asignaturang Filipino ay lubhang mahalaga dahil ito ang tutulong sa mga mag-aaral na matuto ng wikang Filipino na ginagamit bilang midyum ng pagtuturo ng mga guro (Jannette, 2021).

Ayon kay Zafra (2018), ang pagtuturo ng asignaturang Filipino ay nakatuon sa pagkatuto ng wika, balarila, at komunikasyon ngunit hindi ito nagtatapos sa pagbabahagi lamang ng kaalamang balarila o gramatika at pag-unawa sa akdang binasa. Hindi ito nagtatapos sa pagbuo ng wasto at makabuluhang pangungusap at pagtugon sa mga kasanayan sa pagbasa. Bagkus, ang Filipino bilang asignatura ay isa ring paraan upang matutuhan at mapalalim ang ating wika at kultura. Kaiba rito, ayon sa K to 12 Gabay Pangkurikulum sa Filipino (2016), ang layunin ng pagtuturo ng asignaturang Filipino ay upang linangin ang kakayahang komunikatibo, replektibo/mapanuring pag-iisip, at pagpapahalagang pampanitikan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng iba't ibang babasahin at kagamitan. Ito ay naglalayong magkaroon ng pambansang pagkakakilanlan, kaalaman sa kultura, at patuloy na pagkatuto upang masunod ang mabilis na pagbabago sa mundo. Base sa LMS ng Sta. Teresa College (2021), mayroong dalawang pangunahing dahilan kung bakit itinuturo ang Filipino sa mga paaralang pambansa: una, itinuturo ito bilang isang asignatura na bahagi ng kurikulum sa elementarya at sekundarya; ikalawa, ginagamit ang Filipino bilang wikang panturo sa mga tiyak na asignatura na itinakda sa Patakarang Bilinggwal noong 1974 at 1986.

Nabanggit ni Elena (2018), na ang pagtuturo sa asignaturang Filipino ay nahahati sa dalawang sangay: Balarila at Panitikan. Ang Balarila ay nakatuon sa mga tuntunin ng gramatika; sa paggamit ng mga bantas, pang-abay, pandiwa, at iba pang bahagi ng pananalita. Kasama sa pag-aaral nito ang Pag-aaral ng Panitikan na kinapapalooban ng mga akdang Filipino. Mahalaga ang asignaturang Filipino hindi lamang dahil ito ay dapat manatili sa ating mga paaralan, kundi dahil tayo rin ay mga Pilipino at nararapat na mahalalin natin ang ating wika. Sa pamamagitan ng asignaturang Filipino, magiging maalam ang bawat mag-aaral sa tamang paggamit ng ating wika, lalo na sa antas ng kolehiyo kung saan ang intelektwalisadong paggamit ng wika ay binibigyang-pansin.

1.2 Estratehiya sa Pagsulat

Ang estratehiya ayon kay Villafuerte (2015), ay ang kabuoang pagpapalano para sa isang sistematikong paglalahad ng wika at batay sa isang pagdulog. Inilahad ni Badayos (1999), na ang pagsusulat ay isang kontinwum ng mga gawain sa pagitan ng mekanikal o pormal na aspekto ng pagsusulat at nang mas kompleks na gawain ng paglikha. Ayon kay Saucó et al. (1998), ang pagsulat ay ang paglilipat ng mga nabuong salita sa mga kasangkapan tulad ng papel. Ito ay naglalayong mailahad ang kaisipan ng mga tao. Ayon kay Rivers (1975) na binanggit ni Manalus (2021), ang pagsusulat ay isang proseso na may kahirapan sa pag-unawa. Ang prosesong ito ay nagsisimula sa pagkuha ng kasanayan hanggang sa ito ay magamit na nang aktwal. Mahalagang pag-aralan ang pagsusulat dahil ito ay nakatutulong sa pang-araw-araw na buhay, lalo na sa komunikasyon. Sang-ayon kina Saavedra et al. (2020), ang proseso ng pagsulat ay isang paraan sa pagsulat na makatutulong sa mga mag-aaral sa mabisang pagsulat. Maaaring maraming idea ang mga mag-aaral, ngunit kapag hinihiling sa kanila na isulat ito, karamihan sa kanila ay mahihirapan. Sa pagtuturo sa kanila ng prosesong ito, ang mga mag-aaral ay makakakuha ng mas malinaw na larawan ng pagsulat. Maaaring isaalang-alang ng mga mag-aaral ang paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagsulat na sa tingin nila ay epektibo para sa kanila. Ayon sa pag-aaral ni Truya (2014), nagreklamo ang mga guro tungkol sa kakulangan ng mga mag-aaral sa pagsusulat. Ito ay nangangahulugang ang pagsusulat ay hindi madaling gawin at maaaring maging hadlang sa ganap na pagkatuto ng bawat mag-aaral. Napatunayan din ito sa pag-aaral nina Lartec et al. (2014) na ang mga estudyante ay mayroong mababang interes at kakayahan sa paggamit ng tamang salita sa pagsusulat. Ibig sabihin nito, kinakailangan ng mga guro na magkaroon ng mga pamamaraan upang mabuhay ang interes ng mga mag-aaral at mapaunlad ang kanilang kasanayan sa pagsusulat.

Ayon sa aklat ni Bernales et al. (2017), malawak ang saklaw ng pagsulat bilang isang malalim na kasanayang pangwika, dahil inaasahan na susundan ng isang manunulat ang iba't ibang tuntunin na kaugnay nito. Ang pagsulat ay isa sa mga kasanayang mahirap matutuhan ng isang tao, sapagkat kinakailangan na maunawaan at maipatupad nang maayos ang bawat proseso sa anumang uri ng pagsulat, pati na rin ang layunin nito. Dahil sa kahalagahan ng pagsulat bilang isang kumplikadong kasanayan (Badayos, 2008), kailangan ng isang manunulat na magkaroon ng sapat na kaalaman sa mga salik na mahalaga sa paglikha ng isang sulatin. Pangunahin dito ang pagiging pamilyar sa mekaniks ng pagsulat - ang anyo ng pagsulat, pagbaybay, paggamit ng mga bantas, at mga tuntunin sa pagsulat. Ang kahusayan sa kasanayang ito sa pagsulat ang magiging pundasyon ng bawat mag-aaral patungo sa malinaw, makinis, at maayos na pagpapahayag ng kanyang mga ideya sa pagsusulat. Batay kay Bernales (2010), kahit gaano pa kaganda ang isang pahayag, kung may mga pagkakamali sa gramatika, maaaring hindi ito tanggap o kapani-paniwala, lalo na sa mga iskolar, edukado, at kritiko. Sinabi rin ni Bernales (2006), batay sa pag-aaral ni Albuñan et al. (2019), mahalaga ang kaalaman sa mga bantas dahil ito ang pundasyon ng tamang gramatika at pagsulat. Ang punto ng pangungusap ay ipinapakita sa pamamagitan ng mga bantas. Nakakatulong din ang mga bantas upang magkaroon ng linaw, kaugnayan, at

kaisahan ang mga pasulat na pahayag. Ayon kay Badayos (2013), dapat isaalang-alang ng mga manunulat ang maayos na pagsulat ng isang tekstong sulatin. Kinakailangan na ang lahat ng mga salita na gagamitin sa pagsulat ay may tamang baybayin. Lumabas din sa pag-aaral ni Albuñan et al. (2019) na magaling rin ang mga mag-aaral sa pagbuo ng isang sulatin batay sa tamang pagbaybay.

1.3 Kaugnayan ng Unang Wika sa Pagsulat

Ang unang wika ay ang anumang wikang natutuhang gamitin ng isang tao mula pagkabata hanggang sa pagtanda nito. Mas madaling unawain ang mga tekstong kanilang nababasa at naririnig kung nasa unang wika ito. Napapadali ang pag-angkop at pag-unawa nila kung pamilyar sila sa wikang ginagamit. Bilang suporta, sinabi nina Soh, Y.C. et al. (2022), na ang mga batang natutong bumasa at sumulat sa unang wika bago matuto ng ikalawang wika ay mas matagumpay sa pag-aaral kung ikukumpara sa mga kamag-aral nilang hindi natutuhan ang nasabing wika. Sa isang payak na pagsusuri, masasabi na malaki ang naitutulong ng paggamit ng unang wika o katutubong wika sa pagtuturo ng anumang uri ng kaalaman sapagkat pinabibilis nito ang proseso ng edukasyon o pagkatuto. Ayon sa mga dalubhasa sa edukasyon, maraming pag-aaral sa loob at labas ng bansa ang nagpapatunay na malaki ang kontribusyon ng paggamit ng unang wika sa mas malalim na pagkaunawa ng mga bata sa mga aralin at sa mas mabilis nilang pagkatuto ng pagbasa at pagsusulat. Ang mga ito ay batay sa mga resulta ng mga eksperto sa ibang bansa at lokal na pag-aaral. Bukod dito, sinabi ni Celiz (2012) na binanggit ni Duque (2020), na sa mga situwasyon ng komunikasyon na batay lamang sa pagsusulat, ang mga tao ay umaasa sa mga salita at pangungusap upang maipahayag ang kanilang nais sabihin. Dahil dito, maunawaan ang kahalagahan ng tamang paggamit ng anumang wika o lengguwahe – tulad ng Filipino, Ingles, at iba pa.

Sa pananaliksik nina Raoofi et al. (2017), isinasaad na mayroong ugnayan sa pagitan ng mga estratehiyang ginagamit sa unang wika at ikalawang wika. Sa pangkalahatan, mahihinuha mula sa nakaraang pananaliksik nila na ang mga nag-aaral ng ikalawang wika ay naglilipat ng ilan sa mga pamamaraan at estratehiya sa pagsulat sa kanilang sariling wika patungo sa kanilang pagsulat sa pangalawang wika. Ang mga estratehiya sa pagsulat ay sinasabing natutuhan sa unang wika, at pagkatapos ay inililipat sa ikalawang wika kapag nagsusulat. Samakatuwid, ang mga mag-aaral na may maraming karanasan sa pagsulat gamit ang unang wika ay mas matagumpay at lamang kung ikukumpara sa mga mag-aaral na sumusulat gamit ang ikalawang wika. Samakatuwid, pinagpalagay na ang mga mag-aaral na may karanasan sa pagsulat sa unang wika ay humuhubog sa paraan ng pagsagot ng mga magaaral sa mga gawain sa pagsulat sa ikalawang wika.

1.4 Kaugnayan ng Kasarian sa Pagsulat

Ayon kay Waskita (2008), ang pag-aaral sa kasarian at pagsulat ay mas kaunti kaysa sa kasarian at pagsasalita. Gayunpaman, ang mga pagsisiyasat ng mga pagkakaiba sa pagitan ng pagsulat ng lalaki at babae ay ginawa sa iba't ibang sitwasyon o tagpo.

Ayon kay Romatowski et al. (1987), na nangatuwiran na ang pagkakaiba sa pagitan ng mga batang babae at lalaki ay nakasalalay sa mga pananaw at kagustuhan ng mga batang babae at lalaki tungkol sa pagsusulat. Ang mga babae ay may posibilidad na magkaroon ng positibong damdamin tungkol sa pagsusulat habang ang mga lalaki ay negatibo. Mas maraming lalaki kaysa mga babae ang nagsasabing mas gusto nila ang *factual writing*; mas gusto ng mga babae ang malikhaing pagsulat. Ang mga akda ng mga babae ay kumpisal at sumasalamin, nakikitungo sa mga tao at mga emisyon, gamit ang mas pribadong mga anyo habang ang mga lalaki ay tulad ng mga katotohanan at aksyon, at higit pang mga pampublikong anyo. Mula naman sa isang proyektong pananaliksik sa pagsusulat ng nasa hustong gulang na isinagawa ni Meinhof (1997), na nag-aral ng mga salaysay ng kalalakihan at kababaihan mula sa tatlong (3) magkakaibang grupong panlipunan (mga propesyonal, akademya, at mga mag-aaral sa unibersidad), natagpuan na ang mga mag-aaral na lalaki at babae ay sumulat ng magkatulad na uri ng mga teksto. Gayunpaman, sa gitna ng mga akademiko, ang pagsulat ng salaysay ng mga kababaihang akademiko ay kapansin-pansing naiiba sa mga akademikong lalaki, bagaman sa kabuoan, ang akademikong grupo ay naiiba sa mga mag-aaral. Ang mga teksto ng kababaihan ay malakas na sumasalamin sa sarili at *evaluative*, habang ang mga lalaki ay mas *egocentric*. Nabanggit ni Ron (2018), na ang mga pagkakaibang ito ay makikita kahit na sa medyo maiikling bahagi ng nilalaman gaya ng *tweet* o isang mensahe sa *WhatsApp*. Inihahatid ng mga lalaki ang kanilang mga iniisip sa medyo maikling paraan at tinatanggap ang paggamit ng mga pagdadaglat. Mag-iiba din ang nilalaman. Kadalasang tinatalakay ng mga lalaki ang isang paksa sa pamamagitan ng paggamit ng mga makatotohanang buod. Ang mga kababaihan ay mas malamang na mapuno ang kanilang mga teksto ng mas mataas na antas ng pakikipag-ugnayan sa lipunan na nagreresulta sa mas mataas na bilang ng mga salita.

Sa pag-aaral ni Olinghouse (2008), nalaman niya na ang mga babae ay mas matatas ang antas sa pagsulat, gaya ng sinusukat sa kabuoang bilang ng mga nakasulat na salita na may limitasyon sa oras, at gumawa ng mas mahusay na teksto kumpara sa mga lalaki. Sinang-ayunan ito ni Berninger et al. (1996), na nagsiwalat na ang pagiging matatas sa pagsulat at paggawa ng mas mahusay na kalidad ng teksto ay higit na nauugnay sa mga batang babae. Gayunpaman, kabaliktaran sa pag-aaral ni Olinghouse (2008) na nagsiwalat na ang kasarian ay nanatiling makabuluhan sa paghula ng kalidad ng teksto, pabor sa mga batang babae, kahit na kontrolado ang pagiging matatas ng komposisyon.

IV. BATAYANG TEORETIKAL

Ang naging batayang teorya ng pag-aaral na ito ay ang teorya ng “Kognitibong Proseso ng Pagsulat”, na nagsasaad na ang pagsulat ay isang proseso ng pag-iisip. Upang magsulat, kailangang gamitin ng isang manunulat ang proseso ng pag-iisip tulad ng brainstorming, pagpapalano, pag-oorganisa at kailangan nito ng pagkamalikhain. Samakatuwid, ang proseso ng kognitibong pagsulat ay naglalayong turuan ang mga mag-aaral na gumamit ng mental na pagpoproseso sa paggawa ng isang sulatin. Ito ay mas kilala kaysa sa iba pang mga teorya ng pagsulat dahil ito ay may maraming benepisyo. Ang teoryang ito ay nabanggit sa pag-aaral ni Zimmerman (1988) na ipinakilala nina Flower at Hayes (1981, p.366) kung saan sinaad nila na, "Sa pamamagitan ng mga obserbasyon sa pagsulat ng mga mag-aaral at nagsikap na ipakilala ang teorya ng mga prosesong nagbibigay-malay na kasangkot sa pagbubuo at naglatag ng batayan para sa mas detalyadong pag-aaral ng mga proseso ng pag-iisip sa pagsulat". Ang apat na elemento na binigyang-diin nina Flower at Hayes sa teoryang ito ay ang mga manunulat ay kailangang dumaan sa isang proseso ng pag-iisip bago magsulat, at isang mas mataas na pagkakasunud-sunod na istraktura ng organisasyon ay nagaganap sa panahon ng mga pamamaraang ito, ang pagbuo ay kinabibilangan ng pagtatakda ng mga layunin, at ang mga may-akda ay bumubuo ng mga macro at micro na layunin upang tapusin ang gawain sa pagsulat (Flower & Hayes 1981, p.366). Sa madaling salita, eksklusibo itong nakatuon sa proseso ng pagsulat ng kaisipan.

Isa pang naging batayang teorya ng pag-aaral na ito ay ang “Pagsulat Bilang Isang Batas Panlipunan at Retorikal” na ipinakilala ni Linda Flower (1998). Para kay Flower, ang pag-unawa sa pagsulat at pagbabasa bilang isang sosyal at retorik na kilos ay nangangahulugan ng pagkilala na ang mga manunulat at mambabasa ay bumubuo ng kahulugan sa konteksto ng isang diskurso. Gumagamit ng wika ang mga manunulat at mambabasa upang ipahayag ang mga ideyang nabuo sa kanilang isipan; samakatuwid, ang mga salik ng teksto at kontekstwal ay nakakaimpluwensya sa kahulugan.

V. METODOLOHIYA

Ang bahaging ito ay naglalaman ng mga pamamaraang ginamit ng mga mananaliksik, paraan ng pagpili ng taga-tugon, instrumentong ginamit, pagtitipon ng datos, at estadistikal na pamamaraang ginamit.

1.1 Disenyo

Ang pag-aaral na ito ay kuwantitatibong pananaliksik. Ang panukalang pananaliksik na ito ay nagamit ng deskriptibong paraan ng pagsasaliksik. May iba't ibang uri ng deskriptibong pananaliksik, ngunit pinili ng mga mananaliksik na gamitin ang “*Descriptive Survey Research Design*” na kung saan ginamit ang mga talatanungan o kwesyoner upang kolektahin ang mga datos.

1.2 Sampling

Ang mga taga-tugon ay ang mga piling mag-aaral ng Batsilyer ng Sekundaryang Edukasyon na tumutugon sa pamantayang: may asignaturang Filipino na nasa Kolehiyo ng Edukasyong Pangguro. Nagkaroon ng apatnapung (40) respondente. Dalawampung (20) babae at dalawampung (20) lalaki na nasa wastong gulang. Sila ay napili sa pamamagitan ng *Purposive Sampling*. Ang *Purposive Sampling* ay napiling gamitin ng mga mananaliksik upang malimitahan ang bilang ng mga respondente. Sinasabing ang *Purposive Sampling* ay sadyang pagpili ng respondente dahil sa mga katangian na taglay ng respondente ayon kay Etikan et al. (2016).

1.3 Paglilikom ng Datos

Isang talatanungan ang hinalaw ng mga mananaliksik mula sa instrumentong ginamit. Humingi ng pahintulot ang mga mananaliksik sa Dekano ng Kolehiyo ng Edukasyong Pangguro kung maaaring mangalap ng datos at makapagsarbey ang mga mananaliksik. Pagkatapos mabigyan ng pahintulot ay nagsimulang mangalap ng datos ang mga mananaliksik sa mga mag-aaral ng Edukasyong Pangguro. Binigyan ng *consent form* ng mga mananaliksik ang mga kalahok at ipinaalam sa kanila kung ano ang pag-aaral at sinabi na ang kanilang pagtugon ay boluntaryo. Ito’y isinatuparan partikular sa Pampamahalaang Pamantasan ng Kanlurang Mindanao, Zamboanga City. Taong Panuruan 2022-2023.

1.4 Interpretasyon ng mga Datos

Ang pangunahing instrumento na ginamit sa pag-aaral ay ang *ESLP 182 Questionnaire*, isang istandardisadong instrumento na hango sa Pag-aaral ni Marilou B. Peñeda, Ed.D na pinamagatang “Blended na Pagtuturo-Pagkatuto: Online na Kagamitan sa Pagsulat”. Ang orihinal na instrumento ay nakasulat sa Ingles kung kaya, isinalin ito ng mga mananaliksik sa Filipino upang matugunan ang mga layunin ng pag-aaral na ito. Upang matukoy ang kasanayang pagsulat batay sa Pangkalahatang Estratehiya sa Pagsulat, mayroon itong sampung (10) aytem. Para naman sa Estratehiya bago magsulat ito ay binubuo ng sampung (10) aytem, Estratehiya habang nagsusulat na binubuo ng sampung (10) aytem, at Estratehiya pagkatapos magsulat na binubuo rin ng sampung (10) aytem. Ang mga aytem sa talatanungan ay nakabatay sa *General Weighted Average* kung saan ang 1.0-1.8 – hindi kailanman, 1.81-2.6- bihira, 2.613.4- minsan, 3.41-4.20- madalas, at 4.21-5.0- pinakamadalas.

Ang *Mann-whitney U-Test* naman ay ginamit na instrumento upang malaman kung may makabuluhang pagkakaiba sa paggamit ng estratehiya kung ay datos ay papangkatin ayon sa kasarian. Ang *Kruskal Wallis Test* naman ay ginamit rin upang malaman kung may makabuluhang pagkakaiba sa paggamit ng mga estratehiya kung ang datos ay papangkatin sa naging unang wika ng mga kalahok.

VI. RESULTA AT TALAKAYAN

Ang mga sumusunod ay ang resulta na sumasagot sa bawat layunin ng pag-aaral:

1. Sa pangkalahatang estratehiya sa pagsulat sa Filipino, ano ang pinakaginagamit ng mga mag-aaral ng Batsilyer ng Sekundaryang Edukasyon?

Talahanayan 1 Pangkalahatang Estratehiya sa Pagsulat sa Filipino

Katanungan	Mean Responses	Descriptor
1. Madalas akong sumulat sa aking unang natutuhang wika.	2.53	Minsan
2. Madalas akong magsulat sa Filipino.	3.68	Madalas
3. Nagsusulat ako sa Filipino para sa kasiyahan sa aking libreng oras.	2.98	Minsan
4. Sumusulat ako ng mga tala, mensahe, liham, o ulat sa Filipino.	3.38	Minsan
5. Gumagamit ako ng bilingual na diksyunaryo.	3.45	Madalas
6. Gumagamit ako ng diksyunaryong FilipinoFilipino.	2.88	Minsan
7. Gumagamit ako ng Filipino <i>grammar</i> book o handbook.	2.68	Minsan
8. Nagbabasa ako ng katutubong sulating Filipino.	2.80	Minsan
9. Ginagamit ko ang mga salitang Filipino na alam ko sa iba't ibang paraan.	3.65	Madalas
10. Pinaplano ko ang aking talaan o iskedyul upang magkaroon ng sapat na oras sa pag-aaral at pagpapaunlad ng aking kasanayan sa Filipino.	2.85	Minsan
Overall Mean	3.09	Minsan

Legend: 1.0-1.8 – hindi kailanman
1.81-2.6- bihira
2.61-3.4- minsan
3.41-4.20- madalas
4.21-5.0- pinakamadalas

Ang talahanayan 1 ay nagpapakita ng pangkalahatang estratehiya sa pagsulat sa Filipino na ginagamit ng mga mag-aaral ng Batsilyer ng Sekundaryang Edukasyon. Gaya ng ipinapakita, ang pinakamataas na *mean* na nakuha ay “Madalas akong magsulat sa Filipino” ($M=3.68$). Ang kinalabasang resulta ay maiuugnay sa pag-aaral nina Apao et al. (2004) na sa pamamagitan ng maayos na paggamit ng wikang Filipino ay higit na magkakaroon ng kakayahang maibahagi ang mga kaalaman at mga layunin sa buhay.

Sinundan ng madalas “Ginagamit ang mga salitang Filipino na alam sa iba't ibang paraan” ($M=3.65$). Ang kinalabasang resulta ay sinusuportahan ng pag-aaral ni Dominguez (2004), na ang mga aralin sa wika ay naglalayong luminang ng kakayahang komunikatibo at kasanayang gumamit ng wikang Filipino sa iba't ibang sitwasyon sa pang-araw-araw na buhay.

Ang pinakamababang *mean* ay minsan “sumulat sa unang natutuhang wika” ($M= 2.53$). Ang kinalabasang resulta ay sinusuportahan ng pahayag ni Schoonen et al. (2003), ang pagsusulat sa sariling wika ay isang hindi madaling gawain, na nangangailangan ng mga kakayahan sa wika, gayundin sa mas pangkalahatang mga kakayahan sa pag-iisip o *metacognition*. Ang mga kakayahang ito ay nasa patuloy na pakikipag-ugnayan sa bawat isa.

Gayunpaman sa kabila nito, lahat ng pangkalahatang estratehiya sa pagsulat sa Filipino ay minsan ginagamit ng mga mag-aaral ng Batsilyer ng Sekundaryang Edukasyon.

2. Ano-ano ang pinakaginagamit na estratehiya ng mga mag-aaral;

Talahanayan 2 Estratehiya sa Pagsulat sa Filipino “Bago Magsulat”

Katanungan	Mean Responses	Descriptor
1. Sinusuri ko ang aking mga tala sa klase, <i>handout</i> , at mga kinakailangan sa takdang-aralin bago magsimulang magsulat.	4.15	Madalas
2. Isinasaalang-alang ko nang mabuti ang gawain o takdang-aralin at mga tagubilin bago sumulat.	4.13	Madalas
3. <i>Nagbe-brainstorm</i> ako at nagsusulat ng mga idea bago ako magsimulang magsulat.	4.30	Pinakamadalas
4. Gumagawa ako ng mga plano at tala sa aking unang wika bago magsulat.	3.28	Minsan
5. Gumagawa ako ng <i>timetable</i> kung kailan ko gagawin ang aking pagsusulat.	3.23	Minsan
6. Bago isulat ang unang burador, gumagawa ako ng karagdagan pag-aaral sa labas ng silid-aralan upang mapabuti ang aking pagsusulat.	3.45	Madalas
7. Iniisip ko ang mga ugnayan sa pagitan ng alam ko na at mga bagong bagay na natutuhan ko.	3.93	Madalas
8. Napapansin ko ang bokabularyo na may kaugnayan sa isang paksa na aking isusulat at sinusubukang tandaan ang mga salita.	3.70	Madalas
9. Gumagamit ako ng diksyunaryo upang suriin ang mga bagay na hindi ako sigurado bago ako magsulat.	3.93	Madalas
10. Gumagamit ako ng isang librong panggramatika upang suriin ang mga bagay na hindi ako sigurado bago ako magsulat.	3.53	Madalas
Overall Mean	3.76	Madalas

Legend: 1.0-1.8 – hindi kailanman 2.61-3.4- minsan 4.21-5.0- pinakamadalas
1.81-2.6- bihira 3.41-4.20- madalas

2.1 Bago Magsulat

Ang talahanayan 2 ay nagpapakita ng mga estratehiyang ginagamit ng mga mag-aaral bago magsulat. Gaya ng ipinapakita, ang pinakamataas na *mean* na nakuha ay pinakamadalas ay “*Nagbe-brainstorm* at nagsusulat ng mga idea bago magsimulang magsulat” (M=4.30). Ang kinalabasang resulta ay may kaugnayan sa pag-aaral ni Sabarun (2015), na naglahad na sa 5% at 1% ng makabuluhang antas, mayroong isang napaka-istatistikong makabuluhang pagkakaiba sa tagumpay ng pagsulat ng mga mag-aaral na nahihirapan sa pagitan ng pagsulat ng isang talata ng pagkakasunod-sunod ng oras gamit ang pamamaraang *brainstorming* at ang mga nagsulat ng isang talata ng pagkakasunod-sunod na oras nang hindi gumagamit ng pamamaraang *brainstorming*.

Sinundan ng madalas na “Sinusuri ang aking mga tala sa klase, *handout*, at mga kinakailangan sa takdang-aralin bago magsimulang magsulat.” (M=4.15). Ang kinalabasang resulta ay sinusuportahan ang naging pag-aaral ni Munyoro (2014), na nagsaad na mahalagang tandaan na ang mga *handout* ay maaaring magsilbing isang buod ng *lecture*. Higit pa rito, ang mga *handout* ay natagpuan ding kapaki-pakinabang dahil madaling maintindihan ng mga mag-aaral ang anumang sesyon o klaseng di nadaluhan at magagamit ng mga *lecturer* ang mga ito upang linawin ang ilang partikular na bagay, tulad ng mga abstrak at konsepto.

Ang pinakamababang *mean* ay minsan “Gumagawa ako ng *timetable* kung kailan ko gagawin ang aking pagsusulat.” (M=3.28). Ang kinalabasang resulta ay maiuugnay sa sinabi ni Hodson (2014), na ang mga bata ay mahusay na nakagagawa kapag nagtakda sila ng kanilang sariling layunin at sa oras na gusto nila. Ang ebidensya mula sa mga unang pag-aaral ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ay mas epektibong natututo sa ganitong paraan kaysa sa tradisyonal na pagtuturo.

Gayunpaman sa kabila nito, lahat ng estratehiya bago magsulat sa Filipino ay madalas na ginagamit ng mga mag-aaral.

Talahanayan 3 Estratehiya sa Pagsulat sa Filipino “Habang Nagsusulat”

Katanungan	Mean Responses	Descriptor
1. Sinusubukan kong magsulat sa isang komportable, tahimik na lugar kung saan ako makakapokus.	4.50	Pinakamadalas
2. Ginagamit ko ang aking mga natutuhan noon upang makatulong sa pagbuo ng mga idea.	4.48	Pinakamadalas
3. Gusto ko munang magsulat sa aking unang wika at pagkatapos ay isasalin ito sa Filipino.	2.45	Bihira
4. Gusto ko munang magsulat ng burador sa aking sariling wika at pagkatapos ay isalin ito sa Filipino.	2.53	Bihira
5. Nag-e-edit ako para sa nilalaman (mga idea) habang nagsusulat ako.	3.85	Madalas
6. Nag-e-edit ako para sa organisasyon habang nagsusulat ako.	3.98	Madalas
7. Gumagamit ako ng diksyunaryo upang suriin ang mga bagay na hindi ko sigurado kapag nagsusulat ako.	3.95	Madalas
8. Gumamit ako ng <i>grammar book</i> para suriin ang mga bagay na hindi ko sigurado kapag nagsusulat ako.	3.38	Minsan
9. Sa pangkalahatan, inaayos ko ang aking mga pagkakamali sa gramatika, bantas at mekaniks habang nagsusulat ako.	4.38	Pinakamadalas
10. Kung wala akong maisip na salitang Filipino, gumagamit ako ng salita o parirala na pareho ang ibig sabihin.	4.30	Pinakamadalas
Overall Mean	3.78	Madalas

Legend: 1.0-1.8 – hindi kailanman

1.81-2.6- bihira

2.61-3.4- minsan

3.41-4.20- madalas

4.21-5.0- pinakamadalas

3.1 Habang Nagsusulat

Ang talahanayan 3 ay nagpapakita ng mga estratehiyang ginagamit ng mga mag-aaral habang nagsusulat. Gaya ng ipinapakita, ang pinakamataas na *mean* na nakuha ay pinakamadalas ay “Sinusubukan magsulat sa isang komportable, tahimik na lugar kung saan makakapokus” (M=4.50). Ang kinalabasang resulta ay maiuugnay sa sinabi ni Moxley (2003), na dapat maghanap ng isang tahimik na lugar kung saan nakaayos ang lahat ng iyong kinakailangang mapagkukunan sa pagsusulat– gaya ng personal na kompyuter, diksyunaryo, at papel. Upang matulungan kang tumuon sa gawain, maaaring kailanganin mo ang isang lugar na makatuwirang walang mga abala.

Sinundan ng pinakamadalas “Ginagamit ang mga natutuhan noon upang makatulong sa pagbuo ng mga idea” (M=4.48). Ang kinalabasang resulta ay maiuugnay sa sinabi ni Davis at Winek mula sa pag-aaral ni Harvey (2012), ang kahalagahan ng *background knowledge* sa pagsulat sa pagsasabing “ang nakaraang kaalaman ay mahalaga sa pagsusulat: ang mga mag-aaral na kakaunti ang alam tungkol sa isang itinalagang paksa ay nahihirapang magsulat tungkol dito” (Davis et al., 1989). Kaya, ang katotohanan na ang dami ng dating kaalaman ng isang mag-aaral sa isang paksa ay lubos na nakaiimpluwensiya sa kanilang kakayahang magsulat tungkol sa paksa nang maliwanag.

Ang pinakamababang *mean* ay bihira na “Gusto munang magsulat sa unang wika at pagkatapos ay isasalin ito sa Filipino” (M=2.45). Ang kinalabasan resulta ay sinusuportahan ng naging pag-aaral ni Karim (2013) na nagmumungkahi na ginagamit ng mga manunulat sa ikalawang wika (L2) ang kanilang unang wika (L1) kapag nagsusulat. Ginagamit nila ang L1 bilang isang estratehiya sa pagbuo, upang mapunan ang mga

posibleng kakulangan sa kanilang kahusayan sa L2, at bilang isang kagamitan din upang mapadali ang kanilang proseso ng pagsulat. Ginagamit nila ang L1 para sa pagbuo ng mga idea, paghahanap ng mga paksa, pagbuo ng mga konsepto, at pag-aayos ng impormasyon at para sa mga layunin ng pagpapalano.

Gayunpaman sa kabila nito, lahat ng estratehiya habang nagsusulat sa Filipino ay madalas na ginagamit ng mga mag-aaral.

Talahanayan 4 Estratehiya sa Pagsulat sa Filipino “Pagkatapos Magsulat”

Katanungan	Mean Responses	Descriptor
1. Binibigyan ko ang aking sarili ng gantimpala kapag natapos ko ang aking sinusulat.	3.38	Minsan
2. Bumabalik ako sa aking pagsulat upang baguhin ang nilalaman at gawing mas malinaw ang aking mga idea.	3.83	Madalas
3. Bumabalik ako sa aking pagsulat upang baguhin at pagbutihin ang organisasyon ng aking sinulat.	4.08	Madalas
4. Binabalikan ko ang aking sinulat upang ayusin ang gramatika, bokabularyo, baybay, at bantas.	4.18	Madalas
5. Gumagamit ako ng diksyunaryo at <i>grammar book</i> pagkatapos kong magsulat ng draft/burador.	3.55	Madalas
6. Sinusuri ko ang pagsulat ng ibang estudyante at binibigyan ko sila ng <i>feedback</i> kung paano nila ito mapabubuti.	3.25	Minsan
7. Kung hindi ko maintindihan ang isang komento, hinihiling ko na ipaliwanag ito sa akin.	4.20	Madalas
8. Gumagawa ako ng mga tala o subuking tandaan ang <i>feedback</i> na nakukuha ko para magamit ko ito sa susunod na pagsusulat ko.	3.90	Madalas
9. Itinatala ko ang mga uri o mga pagkakamaling nagawa ko upang hindi ako patuloy na gumawa ng parehong mga uri ng pagkakamali.	3.93	Madalas
10. Nagbabasa ako ng mga <i>feedback</i> mula sa aking nakaraang nasulat at ginagamit ang <i>feedback</i> na ito sa aking susunod na susulatin.	4.15	Madalas
Overall Mean	3.84	Madalas

Legend: 1.0-1.8 – hindi kailanman

1.81-2.6- bihira

2.61-3.4- minsan

3.41-4.20- madalas

4.21-5.0- pinakamadalas

4.1 Pagkatapos Magsulat

Ang talahanayan 4 ay nagpapakita ng estratehiyang ginagamit ng mga mag-aaral pagkatapos magsulat. Gaya ng ipinapakita, ang pinakamataas na *mean* na nakuha ay madalas na “Kung hindi maintindihan ang isang komento, hinihiling na ipaliwanag ito.” (M=4.20). Ang kinalabasang resulta ay sinusuportahan ng pag-aaral ni Hatie et al. (2021) kung saan natuklasan ng iba na ang mas detalyadong *feedback* ay nagbubunga ng mas malaking pakinabang sa pag-aaral kaysa sa *feedback* na tungkol lamang sa kawastuhan ng sagot; ang detalyadong *feedback* ay mas mainam at ginagamit sa mga sanaysay kaysa sa mga obhetibong paraan ng pagsulat.

Sinundan ng madalas “Binabalikan ang sinulat upang ayusin ang *grammar*, bokabularyo, baybay, at bantas.” (M=4.18). Ang kinalabasang resulta ay maiiugnay sa sinabi ni Babcock (2023), na mahalaga ang *proofreading* dahil ito ang huling pagkakataon upang mahanap at maayos ang mga pagkakamali bago iharap ang isang dokumento sa mga mambabasa. Ang pag-*proofread* ay nag-aalis ng mga pagkakamali sa *grammar*, bantas, *capitalization*, *spelling*, at *pag-format*, na nagbibigay-daan na maiparating ang mensahe nang tumpak at mabisa.

Ang pinakamababang *mean* ay minsan “Sinusuri ang pagsulat ng ibang estudyante at binibigyan sila ng *feedback* kung paano ito mapabubuti.” ($M=3.25$). Ang kinalabasang resulta ay sinusupportahan ng pag-aaral ni Muamaroh (2021), na ang masamang dulot ng *peer feedback* ay ang kawalan ng tiwala sa sarili ng mga mag-aaral sa pagbibigay at pagtanggap ng *feedback*. Hindi rin sila nasiyahan at hindi nagtitiwala sa *feedback* ng kanilang mga kaibigan.

Gayunpaman sa kabila nito, lahat ng estratehiya pagkatapos magsulat sa Filipino ay madalas na ginagamit ng mga mag-aaral.

3. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba ang mga estratehiya kung ang datos ay papangkatin batay sa kasarian?

Talananayan 5
Mann-Whitney U Test Result

Sex	Mean Rank	Significant Value	Interpretation
Babae	22.95		Not Significant
Lalaki	18.05	0.157	

*Significant @ $\alpha=0.05$

Ang talananayan 5 ay nagpapakita ng makabuluhang pagkakaiba ng estratehiya kung ang datos ay papangkatin batay sa kasarian gamit ang *Mann-Whitney U-Test* at nagresulta at nagpakita ng makabuluhang halaga na 0.157 na mas malaki kaysa sa 0.05 na antas ng *alpha*, kaya, walang makabuluhang pagkakaiba sa istatistika kapag pinagsama ayon sa kasarian. Ito ay nagpapahiwatig na ang lahat ng kasarian, babae man o lalaki ay may parehong paggamit ng mga estratehiya sa pagsulat.

Sinasang-ayunan nito ang naging pag-aaral ni Berninger et al. (1996) na nagbigay ng sapat na katibayan upang magmungkahi na kapag ang pagiging matatas sa pagsulat ay kinokontrol ng istatistika, ang pagkakaiba ng kasarian ay naging hindi gaanong mahalaga.

4. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa mga estratehiya kung ang datos ay papangkatin batay sa unang wika?

Talananayan 6
Kruskal Wallis Test Result

Edad	N	Mean Rank	Significant Value	Interpretation
Chavacano	12	22.25		Not Significant
Bisaya	15	18.33		
Tausug	7	19.50	0.063	
Tagalog	3	24.00		
Iba pa	3	23.17		

*Significant @ $\alpha = 0.05$.

Ang talananayan 6 ay nagpapakita ng makabuluhang pagkakaiba ng estratehiya kung ang datos ay papangkatin batay sa unang wika gamit ang *Kruskal Wallis Test* at nagresulta at nagpakita ng makabuluhang halaga ay 0.157 na mas malaki kaysa sa 0.05 na antas ng *alpha*, kaya, walang makabuluhang pagkakaiba sa istatistika kapag pinagsama batay sa unang wika. Ito ay nagpapahiwatig na kahit ano pa ang unang wika ng mga mag-aaral ay walang pagkakaiba sa estratehiyang ginagamit nila kapag nagsusulat.

Sinang-ayunan ito ng naging pag-aaral ni Yao (1997), na ang pagsulat ay tinitingnan ng pananaliksik sa dalawang magkaibang perspektibo: ang Kognitibo at ang Sosyal na perspektibo. Ang mga pangunahing alalahanin ng mga *cognitive theorist* ay ang indibidwal na internal na gawain ng manunulat sa panahon ng proseso ng pagsulat na binubuo ng tatlong *subprocesses*, ibig sabihin, pagpapalano, pagsasalin/pagbabalangkas, at pagrerebisa. Ang panlipunang pananaw naman ay binibigyang diin ang akdemikong pagsulat bilang isang gawaing pangkomunikasyon na naiimpluwensiyahan ng partikular na kontekstong panlipunan kung saan nakabase o matatagpuan ang manunulat

VII. KONKLUSYON

Batay sa mga datos na sinuri at pinakahulugan ng mga mananaliksik ukol sa pinakaginagamit na mga estratehiya ng mga mag-aaral ng Batsilyer ng Sekundaryang Edukasyon sa Pampamahalaang Pamantasan ng Kanlurang Mindanao, natuklasan ang mga sumusunod; (1) Sa pangkalahatang estratehiya sa pagsulat sa Filipino na ginagamit ng mga mag-aaral, ang pinakamataas na *mean* na nakuha ay “Madalas akong magsulat sa Filipino”. Gayunpaman sa kabila nito, lahat ng pangkalahatang estratehiya sa pagsulat sa Filipino ay minsan ginagamit ng mga mag-aaral ng Batsilyer ng Sekundaryang Edukasyon. Sa estratehiyang ginagamit naman bago magsulat ay, pinakamataas na *mean* na nakuha ay pinakamadulas na “Nagbe-brainstorm at nagsusulat ng mga idea bago magsimulang magsulat”. Habang nagsusulat naman, ang estratehiya na may pinakamataas na *mean* ay, pinakamadulas ay “Sinusubukan magsulat sa isang komportable, tahimik na lugar kung saan makakapokus”. Panghuli, pagkatapos magsulat, ang estratehiyang may pinakamataas na *mean* na nakuha ay madalas na “Kung hindi maintindihan ang isang komento, hinihiling na ipaliwanag ito.” Gayunpaman sa kabila nito, lahat ng estratehiya bago, habang, at pagkatapos pagsulat sa Filipino ay madalas na ginagamit ng mga mag-aaral.

Natuklasan din na ang lahat ng kasarian mapa-babae man o lalaki ay may parehong paggamit ng mga estratehiya. Panghuli, ay natuklasan sa pag-aaral na ito na ang mga mag-aaral na may iba’t ibang unang wika ay walang pagkakaiba sa mga paggamit ng mga estratehiya sa unang wika.

Ang naging konklusyon ng pag-aaral na ito ay sinusuportahan ng teorya ng kognitibong proseso ng pagsulat dahil binigyang diin nina Flower at Hayes (1981), na sa teoryang ito na ang pagsulat ay isang proseso ng pag-iisip at upang magsulat ay kailangang gumamit ng proseso ang mga manunulat. Kaugnay nito ang naging resulta ng naging pag-aaral ng mga mananaliksik na ang mga mag-aaral ay gumagamit ng mga estratehiya bilang proseso kapag nagsusulat sa Filipino.

Sinusuportahan din ito ng teorya ng “Pagsulat Bilang Isang Batas Panlipunan at Retorikal” na ipinakilala ni Linda Flower (1998) dahil ayon sa kanya, gumagamit ng wika ang mga manunulat at mambabasa upang ipahayag ang mga ideyang nabuo sa kanilang isipan; samakatuwid, ang mga salik ng teksto at kontekstwal ay nakaiimpluwensya sa kahulugan. Kaugnay nito ang naging resulta ng pananaliksik na ang mga mag-aaral ay gumagamit ng kanikanilang wika sa pagsusulat ngunit walang kaibahan sa paggamit ng mga estratehiya.

VIII. REKOMENDASYON

Kaugnay sa resulta ng ginawang pananaliksik, buong pagpapakumbabang iminumungkahi ng mga mananaliksik ang sumusunod: (a) Pagbutihin ang pag-aaral ng Asignaturang Filipino dahil madalas itong ginagamit na midyum sa pagsusulat at sa tulong nito, natututuhan ang iba pang estratehiya sa pagsulat. (b) Iminumungkahi rin ng mga mananaliksik na ituro ang mga estratehiyang nabanggit sa mga paaralan nang sa gayon ay mapalawak pa ang kaalaman ng mga mag-aaral sa paggamit ng iba’t ibang estratehiya sa pagsusulat. (c) Iminumungkahi ring palawakin ang sakop ng pag-aaral sa pamamagitan ng pagdaragdag at pag-iiba ng mga kalahok at baryabol ng pag-aaral tulad ng kung may kinalaman ba ang *socioeconomic status* ng mga mag-aaral sa kakayahan nilang magsulat upang mas mapalawak at malaman ang pagkakaiba ng mga estratehiyang ginagamit nila mula sa mga kalahok sa pananaliksik na ito.

SANGGUNIAN

- [1] Department Orders: 52, S. 1987 and (25, s. 1974), The 1987 Policy On Bilingual Education, May 1987.
- [2] I. Jannette, Kahalagahan ng Asignaturang Filipino sa Pagkatuto ng mga Estudyante, 2021.
<https://www.pressreader.com/philippines/panay-news/20210406/281659667845365>
- [3] J. Mangahis, Makrong Kasanayan sa Pagsulat, ResearchGate, 2019.
<https://ejournals.ph/article.php?id=7993>
- [4] Wordpress, Proseso ng Pagsulat, Wordpress, 2012.
<https://yramenna77.wordpress.com/2012/11/18/proseso-ng-pagsulat>
- [5] The Silent Learner Blog, Ang Proseso ng Pagsulat, 2017.
<https://thesilentlearner2014.blogspot.com/2014/06/filipino-2-ang-proseso-ng-pagsulat.html?m>
- [6] A. Saavedra, & C. Barredo, Factors that Contribute to the Poor Writing Skills in Filipino and English of the Elementary Pupils, International Journal of Innovation, Creativity and Change. Volume 14, Issue 5, 2020. https://papers.ssrn.com/sol3/papers.cfm?abstract_id=3697915
- [7] S. Raoofi, M. Binandeh, & S. Rahmani, An Investigation into Writing Strategies and Writing Proficiency of University Students, Journal of Language Teaching and Research, 2017.
<https://www.researchgate.net/publication/312252560>
- [8] S. Graham, & D. Perin, Effective Strategies to Improve Writing of Adolescents in Middle and High Schools, A report to Carnegie Corporation of New York, New York: Alliance for Excellent Education, 2007.
- [9] G. Zafra, Ang Pagtuturo ng Wika at Kulturang Filipino sa Disiplinang Filipino (Konteksto ng K-12), Katipunan: Journal ng mga Pag-aaral sa Wika, Panitikan, Sining, at Kulturang Filipino, 2016.

- https://scholar.google.com/scholar?hl=en&as_sdt=0%2C5&q=kahalagahan+ng+wikang+filipino+sa+pagkatuto+ng+mga+bata&btnG=#d=gs_qabs&t=1706251978436&u=%23p%3DwFpnNKekGJ4J
- [10] Filipino CG, Department of Education, 2016. <https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2019/01/Filipino-CG.pdf>
- [11] Sta. Teresa College, Learning Management System, 2021. <https://www.studocu.com/ph/document/sta-catalina-college/religiouseducation/m8-lecture-notes-1/21196588>
- [12] S. Elena, Filipino para sa Pilipino, Homeblog, 2018. <https://filipinoparasapilipino.home.blog/>
- [13] P. Villafuerte, Mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Filipino, 2015. <https://www.slidehare.net/MilaSacluso/mga-estrategiya-sa-pagtuturo-ng-filipino-milagros-m-saclauso-lala-national-high-school>
- [14] P. Badayos, Metodolohiya sa Pagtuturo ng Wika: Mga Teorya, Simulain at Istratehiya. Makati City, Grandwater Publications and Research Corp, 1999.
- [15] C. Saucó, E. Duenas, & N. Papa, Pagbasa at Pagsulat sa Iba't Ibang Disiplina: Pang-antas Tersyaryo (Katha Pub. Co., Quezon City, 1998)
- [16] M. Manalus, Kahalagahan ng Apat na Makrong Kasanayan sa Pagkatuto ng Wika at Panitikang Pilipino sa Panahon ng Pandemya. La Consolacion University, Philippines. December 11, 2021.
- [17] A. Saavedra, Technology Engagement And Writing Skill: An Analysis Among Elementary-Grade Filipino Learners, Webology, Volume 15, Number 1, 2018. <https://www.webology.org/abstract.php?id=1424>
- [18] R. Truya, Pagkatuto ng Filipino ng mga Mag-aaral na Di-Tagalog, Cebu Normal University, 2014.
- [19] J. K. Lartec, S. Dotimas, C. Marañón, M. Pitas, J. Polido, & K. Senio, Opisyal na Journal sa Filipino ng Unibersidad ng Santo Tomas, Tomo 1, Paragon Printing Corp. Manila, (pp 19-33), 2014.
- [20] R. Bernales, & M. Pascual, Filipino sa Larangang Akademiko, Mutya Publishing House, Inc. (p. 4), 2017.
- [21] P. Badayos, Metodolohiya sa pagtuturo at pagkatuto ng/sa Filipino: Mga Teorya, Simulain, at Istratehiya, Malabon: Mutya Publishing House, Inc. 2008.
- [22] Bernales, R. (2010), Pagbasa at Pagsulat Tungo sa Pananaliksik: (Filipino Alinsunod sa K-12 Kurikulum ng Batayang Edukasyon) Mutya Publishing, Malabon City.
- [23] L. Albuñan, R. Bartolay, E. Lagos, A. Avila, M. Añonuevo, & R. Bermas, Ang Antas ng Kasanayan sa Pagsulat ng Sulatin ng Dalawang Grupo ng Mag-aaral sa Ikapitong Baytang ng Nagpayong High School, 2019. <https://www.academia.edu/36382562/>
- [24] P. Badayos, C. Francisco, J. Medellin, J. Empaynado, M. Escoto, G. Rosales, & M. Carreon, "Komunikasyon sa Akademikong Filipino", Malabon City: Mutya Publishing. House Inc., 2013.
- [25] Y.C. Soh, X. Del Carpio, & C. Wang, (2022) Language of Instruction Matters for Learning Foundational Skills. Education for Global Development. World Bank Blogs, 2022.
- [26] G. Duque, I. Espiritu, J. Ibarlin, M. Maguljado, & K. Nacario, Epekto ng Paggamit ng Wikang Filipino sa Kabisaan sa Pagsulat ng mga Akademikong Sulatin, St. Bridget School, 2020. https://www.academia.edu/42000332/EPEKTO_NG_PAGGAMIT_NG_WIKANG_FILIPINO_SA_KA_BISAAN_SA_PAGSULAT_NG_MGA_AKADEMIKONG_SULATIN
- [27] D. Waskita, Differences in Men's and Women's ESL Academic Writing at the University of Melbourne, Journal Sosioteknologi Edisi 14 Tahun 7, 2008. <https://www.neliti.com/publications/41524/differences-in-mens-and-womens-esl-academic-writing-at-the-university-of-melbour>
- [28] J. A. Romatowski, & M. L. Trepanier-Street, Gender Perceptions: An Analysis of Children's Creative Writing, Contemporary Education, p59 (1), 17-19, 1987. <https://www.proquest.com/openview/23ce59f1f30f0e90b45ca3eacc6cd56b/1?pq-origsite=gscholar&cbl=1816594>
- [29] U.H. Meinhof, The Most Important Event of my Life! 'A Comparison of Male and Female Narratives. In Johnson, S. and U.H. Meinhof (eds), Language and Masculinity, Oxford: Blackwell Publishers Ltd. , p(208-239), 1997.
- [30] Ron, The Gender Gap: Do Men and Women Write Differently, 2018. <https://www.textbroker.co.uk/the-gender-gap-do-men-and-women-write-differently>
- [31] N. G. Olinghouse, Student and Instruction Level Predictors of Narrative Writing in Third Grade Students, Reading and Writing, p21(1-2), 3-26, 2008. <https://link.springer.com/article/10.1007/s11145-007-9062-1>
- [32] V. Berninger, A Process Model of Writing Development Across the Life-span, Educational Psychology Review, 1996. <https://doi.org/10.1007/BF01464073>
- [33] L. Flower, & J. Hayes, A Cognitive Process Theory of Writing, College Composition Communication, 1981. <https://doi.org/10.2307/35660>

- [34] B. Zimmerman, Linda Flower and Social Cognition: Constructing A View of the Writing Process, *Journal of Computer Documentation*, 1998. <https://dl.acm.org/doi/10.1145/381808.381817>
- [35] I. Etikan, S. Musa, & R. Alkassim, Comparison of Convenience Sampling and Purposive Sampling, *American Journal of Theoretical and Applied Statistics*, 5(1), 1-4, 2016. <https://www.sciencepublishinggroup.com/article/10.11648/ajtas.20160501.11>
- [36] M. Peñeda, Blended na Pagtuturo-Pagkatuto: Online na Kagamitan sa Pagsulat, *International Multilingual Journal of Science and Technology*, Volume 7 Issue 1, 2022.
- [37] G. Apao, A. Callenero, D. Catubig, A. Engracia, R. Fey, C. Fuentes, C. Larano, K. Sumatra, & M. Yap, *Kahalagahan ng Wikang Filipino sa Edukasyon*, 2014. <http://filipinotermpaper.blogspot.com>
- [38] L. Dominguez, *Hiyas ng Filipino sa Iba't Ibang Disiplina*, Groundwater Publication and Research Corporation, 2004.
- [39] R. Schoonen, A. Gelderan, K. Gloppe, J. Hulstijn, A. Simis, P. Snellings, & M. Stevenson, *First Language and Second Language Writing: The Role of Linguistic Knowledge, Speed of Processing and Metacognitive Knowledge*, *A Journal of Research in Language Writing*, 2000. <https://onlinelibrary.wiley.com/doi/abs/10.1111/1467-9922.00213>
- [40] S. Sabarun, *The Effectiveness of Using Brainstorming Technique in Writing Paragraph Across Different Level of Achievement at the Second Semester English Department Students of Palangka Raya State Islamic Institute*, Palangka Raya State Islamic Institute, 2015. <http://digilib.iain-palangkaraya.ac.id/1407/>
- [41] G. Munyoro, *An Evaluation of the Effectiveness of Handouts in Enhancing Teaching and Learning in Higher Education*, *Adri Journal*, 2014. <https://journals.adrri.org/index.php/adrri/article/view/59>
- [42] H. Hodson, *Personalised Learning Lets Children Study at Their Own Pace*, 2014. <https://www.newscientist.com/article/mg22530024-200-personalised-learning-lets-children-study-at-their-own-pace>
- [43] J. Moxley, *Establish a Comfortable Place to Write*, 2003. <https://writingcommons.org/section/mindset/self-regulation/establish-a-comfortable-place-to-write/>
- [44] H. Harvey, *Impact of Schema on Students' Writing*, Honors Theses, undergraduate thesis, department of education, The University of Mississippi, 2021. https://egrove.olemiss.edu/hon_thesis/1638
- [45] S. Davis, & J. Winek, *Improving Expository Writing by Increasing Background Knowledge*, *Journal of Reading*, 1989
- [46] K. Karim, & H. Nasjali, *First Language Transfer in Second Language Writing; An Examination of Current Research*, *Iranian Journal of Language Teaching Research*, 2013. <https://eric.ed.gov/?id=EJ1127353>
- [47] J. Hattie, J. Crivelli, K. Gompel, & P. West-Smith, *Feedback that Leads to Improvement in Student essays: Testing the Hypothesis that "Where to Next" Feedback is Most Powerful*, *Front. Educ*, 2021.
- [48] L. Babcock, *19 Compelling Reasons Why Proofreading is Important*, 2023. <https://omproofreading.com/proofreading-is-important/>
- [49] M. Muamaroh, & U. Pratiwi, *Advantages and Disadvantages of Peer Feedback on EFL Students Essay Writing at Tertiary Level*. Atlantis Press, 2021. https://www.researchgate.net/publication/360742180_Advantages_and_Disadvantages_of_Peer_Feedback_on_EFL_Students_Essay_Writing_at_Tertiary_Level
- [50] L. Yao, *An Overview of Writing Theory and Research: From Cognitive to Social-Cognitive View*, *Journal of Taichung Evening School*, NCHU, 1997